

Prologue

Sa ICU at NICU ng ospital ay parehong agaw-buhay ang mag-ina ni Roniel Galang.

Identical twins ang isinilang ng asawa niyang si Nancy na nagkaroon ng kumplikasyon sa panganganak. Malusog si Eris subalit si Iris ay may butas ang puso.

Malaki na ang kanyang bayarin at sasalang pa sa panibagong operasyon sina Nancy at si Baby Iris. Wala na siyang pera, ni pambili ng gatas ng mga sanggol, dahil hindi naman siya nakakapaghanap-buhay. Kung hindi maooperahan ang dalawa ay kapwa mamamatay.

Kaya nang lapitan siya ng mag-asawang Will at Marcia Sullivan, mga American philanthropists,

ay pikit-mata niyang tinanggap ang alok ng mga ito: sasagutin ng mag-asawa ang malaking halaga ng hospital bill at operasyon ng mag-ina kapalit ng legal na pag-ampon kay Eris. Nangako naman ang mag-asawa na maaari niyang dalawin ang bata sa poder ng mga ito.

Sa kabila ng matinding sakripisyong iyon, hindi pa rin nakaligtas sa kamatayan si Nancy.

Tinupad ng mag-asawang Sullivan ang pangako, pero dumating ang pagkakataon na kailangan nang bumalik ng dalawa sa Texas. Walong taong gulang noon ang kambal. Ang mag-amang Roniel at Iris ay umuwi na lang sa Santa Cecilia.

Sa kasamaang palad, naputol ang komunikasyon ng ama sa mag-asawa.

Sising-sisi si Roniel sa nagawang pagpapaampon sa anak at itinuring iyong isang napakalaking kabiguan at kahihyan. Naging masyado siyang malungkutin kaya mabilis naigupo ng karamdaman. Iyon ang dahilan kung bakit nakagawian ng mga Galang na ilihim at iwasang mapag-usapan sa bahay ang tungkol kay Eris.

Nang magbalik-bansa si Eris o Reese Sullivan noong high school siya ay sinikap niyang hanapin ang ama at kapatid sa dati nilang tinutuluyan,

pero wala na roon ang mga ito. Pero pagkalipas ng halos dalawang dekadang pagkakalayo ay muling nagkasama ang kambal. Tinunton si Reese ng isang tiyuhin para ihatid si Iris na malubhang napinsala sa isang aksidente at ngayon ay may amnesia.

CHAPTER *One*

“*M*ay pagka-bitchy talaga si Boss Reese, nakakainis! Kung hindi lang ’yon manager, papatulan ko talaga...”

Naudlot ang sana ay paglabas ni Eris o Reese mula sa isang cubicle ng restroom nang marinig ang pag-uusap ng kararating na grupo ng mga call center agents—ang grupong kani-kanina lang ay binigyan niya ng final warning for termination.

Sa gulang na *beinte ocho* ay masasabing kasalukuyang namamayagpag ang karera niya sa call center industry. Isa siya sa mga junior managers ng customer service account na hinahawakan. Kaunting pagpapakitang-gilas pa at maaari na siyang ma-nominate for promotion as overall assistant

manager. Kaya naman ganoon na lang ang kanyang pagpupursige na maging maayos at competent ang lahat ng ahenteng sakop niya.

“Hay naku, same here...” salo ng isa. “Siguro fetus pa lang siya na-anticipate na ng parents niya na ganyan kasama ang magiging ugali niya kaya ang pangalan ng Greek goddess of discord ang ibinigay sa kanya.”

Ouch! At kaya siguro ako ang napiling ipaampon at hindi si Iris.

“Korek,” sang-ayon ng isa pa. “My gahd, ayaw tumanggap ng excuses! She leads with her head and I doubt if she has a heart. Pak!”

“Hayaan n’yo na, karma na ni Boss Reese na ipinagpalit siya ni Sup Nelo sa iba. Di ba ang sakit n’ung manager ka ’tapos ’yung karibal mo karaniwang agent lang?”

No.

Wala siyang paki roon. Kahayagan lang iyon na insecure sa achievement niya ang egoistic ex-boyfriend na si Nelo kaya humanap ng mas subordinate sa kanya. Katulad lang din ito ng isa pa niyang ex na si Richard. Well, good riddance sa kanilang pareho dahil hindi niya naramdamang lumigaya siya sa pag-ibig ng mga ito.

Namumuro na ang mga agents pero wala pa

ring balak magpakita si Reese. Mamaya na siya magdedesisyon kung tuluyang sisibakin sa trabaho o kaya ay katulad ng dati, ipagwawalang bahala na lang ang mga narinig tatal naman ay sanay na siya.

“Masyado naman kayong harsh kay Boss,” sabi ng pinakamatanda sa grupo, si Frida. Single mom, nasa late thirties ang edad at suki nang mabigyan ni Reese ng written memo dahil sa late, absences, at undertime. “May puso din ’yon. Buti nga hindi tayo *tinermineyt* kara-karaka.”

“Hmp! Sa mga managers ng tatlong shift, siya lang ang makitid ang pang-unawa. ’Yung dalawa kapag tungkol na sa pamilya ang dahilan hindi ka na makakarinig ng kahit ano.”

“Kasi nga pamilyado na ’yung dalawa. Si Boss Reese, single—” muling paliwanag ni Frida na hindi pinatapos ng kasama.

“Single at walang matatawag na sariling pamilya.”

Hindi ipinangalandakan ni Reese na ampon siya ng mag-asawang American philanthropists, pero hindi rin naman niya itinatangi kapag may nagtatanong dahil na-curious sa pangalan niyang tunog western—Eris ‘Reese’ Cullen Sullivan. Apelyido lang niya ang pinalitan nang legal siyang ampunin ng mag-asawang Will at Marcia. Iminulat ng mga ito sa kanya ang paggiging praktikal sa

buhay. *Mind and prioritize what matters most.* Hindi dapat maging masyadong malambot dahil senyales iyon ng kahinaan. At ang mahihina ay karaniwan nang hindi nakaka-survive.

“...Dapat kay Boss maranasan niyang magkaroon ng sariling pamilya para maka-relate naman siya sa pinagdaraan natin. Palibhasa ampon kaya insensitive at walang pakialam sa family issues ng mga agents.”

Doon na nalagot ang pagtitimpi ni Reese. Para sa kanya ay hindi insensitivity ang ipaintindi sa mga ahente ang pagtatalaga sa trabaho. After all, ang mga ito rin ang direktang makikinabang doon.

Binuksan niya ang pinto ng cubicle at ikinagulat ng mga agents ang paglabas niya. Namutla ang mga ito na waring nakakita ng bangkay na nabuhay.

Mahinahon pa rin siyang nagsalita, pilit ikinubli na may bahagi ng kanyang pagkatao ang nasaling ng matalim na pananalitang narinig. That was the empty part of her—unloved, incomplete. Iyong bahaging napakadaling masaktan. Kaya siguro maaga niyang natutunan at naging defense mechanism ang pagkukubli ng emosyon. Para protektahan ang sarili.

“I didn’t mean to eavesdrop or to interrupt your happy chitchat,” panimula niya. Humingi

ng paumanhin ang unang ahenteng nakabawi sa pagkabigla pero sinansala niya. “Hindi n’yo kailangang mag-sorry. Naiintindihan ko kayo.” She forced a smile.

Awtomatikong nahawi ang grupo nang humakbang siya palabas ng restroom.

Nasa pintuan na siya nang lingunin muli ang mga ito. Who knows, this could be the last time she’d be speaking to them? Balak na niyang mag-resign pero alam niyang hindi siya kaagad papayagan, kaya indefinite leave na lang muna ang inihain niya.

“By the way, agents, gusto kong kayo ang unang makaalam ng good news. I’m taking a long vacation. Sana pagbalik ko, nandito pa kayo,” Halatang nag-apuhap ng masasabi ang mga ito. “That’s an honest wish.” Iyon lang at tumalikod na siya.

Magpapahinga siya sa trabaho para mahanap ang kung anuman iyon na pupuno sa hungkag na bahagi ng kanyang pagkatao.

That’s her Operation “*finding-the-missing-piece.*”

Uumpisahan niya sa pagtunton sa kanyang pinagmulan. Kikilalanin niya ang mga kamag-anak na kailanman ay hindi nakapiling. Susubukan rin niyang hanapin ang pusong sinasabi nilang hindi niya taglay.

Maaaring hindi alam ng karamihan sa mga

kamag-anak niya na nag-e-exist siya sa daigdig, pero may plano na siya kung ano ang gagawin para makasama ang mga ito: magpapanggap siyang si Iris, ang kanyang twin sister. Hindi na siya magpapakilala para maiwasan ang kung anumang kumplikasyon na ayaw mangyari ng tatay nila noon kaya hindi na siya ipinakilala pa. Then, she would walk out of their lives as quietly as she'd planned to arrive. Wala siyang nagulong buhay o sikretong naisiwalat.

Blessing in disguise na rin palang maituturing ang pagkakaroon ni Iris ng amnesia may ilang taon na ang nakakalipas. Perfect cover iyon para sa kanya. Naaksidente ito at malubhang napinsala ang ulo. Dahil nabura ang alaala ni Iris, hindi na magiging kuwestyong o kataka-taka kung bakit wala rin siyang matandaang anuman.

“Boss...” Iniikot ni Reese ang swivel chair nang marinig ang nahihiyang boses ni Frida. “Sorry ulit. Naiintindihan namin kung sasabihin mong last day na namin ngayon.”

Sa malamig at maawtoridad na tinig, “As I have said, gusto kong datnan ko pa kayo pagbalik ko dito. Pero para mangyari ’yon, you have to be a better employee. At trabaho kong ipaalam sa inyo kung paano ninyo iyon magagawa.” Tinanong niya ang babae kung ano ang karaniwang offenses nito.

“Undertime po at tardiness. Marami po kasing school activities ang mga anak ko.”

“Iki-kick-out ba sila kapag hindi ka nag-attend?” Umiling ang agent. Naroon na rin ang iba pang ahente at inisa-isa na niya ang mga ito. “How about you, Jane?”

“Absences, boss. Nagkasakit ang tatay ko.”

“Di ba sabi mo may iba ka pa namang mga kapatid? You, Jerra?”

“No-call-no-show po. First birthday kasi ng anak ko, eh, nagamit ko na lahat ng allotted leave of absence.”

“Puwede naman sigurong mag-celebrate ng advance o medyo late? Say for example during your rest day.” Siguro nga hindi sila magkakaunawaan dahil pakiramdam ng mga ito ay “valid” ang excuses nila dahil may kinalaman iyon sa pamilya. Umaasa na lamang siya na mare-realize ng mga ito sa sarili nilang panahon at paraan na may kabutihan ding idudulot sa pamilya ang pagbibigay ng tamang pagpapahalaga sa trabaho.

“I won’t argue that family is important. Kung gusto ninyong i-prioritize ang family ninyo at maging devoted mother, go ahead. But sometimes you have to choose. Cruel? Maybe. Pero kailangan ninyong gawin ’yon kasi hindi lang kayo ang

mawawalan ng trabaho kapag nakompromiso ang quality ng work natin. Tayong lahat as a team, sabay-sabay babagsak. Paano naman 'yung mga deserving employees? Oo, napaka-importante ng pamilya, kaya nga kayo nagtatrabaho dahil sa kanila. Pero kailangan din ninyong bigyan ng dedikasyon ang trabaho para mapakain sila at mabigyan ng disenteng buhay, right? Let's love our job dahil ito ang bumubuhay sa pamilya natin..."

Ganoon ang kaisipang ipinunla sa kanya ng mga foster parents. *Be practical*. Piliing gawin kung saan mas mapapabuti. Hinulma siya para maging matatag, maka-survive at makatayo sa sariling paa na hindi nakakaperhuwisyong kapwa. Bagaman mababait na tao sina Mr. and Mrs. Sullivan, hindi siya pinalaki sa luho ng mga ito. Para kay Reese, bukod sa pagkalinga at pagmamahal ay ang prinsipyong iyon ang isa sa pinakamahalagang regalong natanggap niya mula sa mag-asawa.

At eighteen, she was a working student. Fully paid ang tuition fee niya at may sapat siyang allowance pero nagtrabaho pa rin siya. Ang ipon mula sa part-time jobs ay ini-invest niya. Maaga niyang natutunan ang pagtitipid at pag-iimpok dahil sa mga pangamba. Fear of poverty and being dependent. Ayaw niyang danasin, if ever, ang

pinagdaanan ng amang si Roniel na kinailangang i-give up for adoption ang isa sa mga anak dahil sa kahirapan.

Kaya naman sinikap ni Reese na maging financially and emotionally independent.



‘Welcome to Fodder Feeds and Agricultural Supply!’ ang nakasulat sa makulay na tarpaulin na nakabandera sa bukana ng napakalaking warehouse. Inagurasyon pa lang ngayon ng nasabing gusali kaya wala pang mga animal feeds na naka-imbak sa loob. Ito na rin ang magiging reception hall ng malaking salu-salo pagkatapos ng inaugural ceremony mamaya.

Ang main outlet nito ay matatagpuan sa mismong public market ng bayan ng Santa Cecilia at ang iba pang tindahan ay nakakalat sa mga bayan sa buong lalawigan.

“Darating daw ba ang guest of honor mo?” may himig panunudyong tanong ni Ginang Amelia Atienza sa punong-abala ng magaganap na okasyon.

Sinalubong ni Gon ng masayang ngiti ang ina. Pansamantala niyang isinantabi ang pagmamasid sa mga tauhang nagmamadaling maglagay ng dekorasyon sa makeshift stage.

“Dumating na, Ma. At alam mong ikaw ’yon.” Bahagya siyang yumukod para kintalan ito ng halik sa noo. Siguradong nag-undertime lang ito. Suot pa kasi nito ang uniporme ng *Santa Cecilia Hospital* kung saan ito nagtratrabaho bilang head nurse. Iginiya niya sa isang bakanteng silya ang kanyang panauhing pandangal. “O, hawakan n’yo na itong gunting na para sa ribbon-cutting mamaya.”

Umingos ang ginang at humalukipkip. “Gon, ayokong makapareha sa ribbon cutting si Doña Candida. Hanggang ngayon hindi pa rin nawawala ang sama ng loob ko sa kanya. Mabuti kung si Don Enrique, magagawa ko pang ngitian kahit paano,”

“Ma, pasensya na.” Nauunawaan ni Gon ang *sentimiento* ng ina. Siya man ay hindi rin kumportable sa presence ng *doña* dahil ito ang nagpalayas sa kanya sa hacienda pagkatapos siyang mapagbintangang may kinalaman sa misteryosong pagkawala ng apo nitong si Zachary, na pinsan niya. “Si Lolo Enrique lang ang inimitahan ko pero nagprisinta siyang dadalo rin para daw ipakitang pinagsisisihan na niya ang nagawa sa akin.”

Legal wife ni Enrique si Candida. Ang yumaong ama ni Gon ay anak ng don sa ibang babae.

“Kahit ano pang himok ang gawin niya, huwag na huwag ka nang babalik sa rancho, anak.

Mabubuhay ka naman kahit wala ang karangyaan nila.”

“Gustuhin ko mang hawakang muli ang rancho, hindi ko na kakayanin, Ma. Dito pa lang sa tindahan ubos na ang oras ko.”

Wala siyang balak na muling makibahagi sa pamamalakad ng rancho ng hacienda. Kung nagagawi man siya roon ay para na lang dumalaw sa abuelong mahina na. Bukod sa animal feed business ay mayroon pa siyang maliit na farm na pinagkakaabalang palaguin. “Huwag kang mag-alala, Ma, hindi na ako babalik d’un.” He gave her a reassuring smile.

“Mabuti naman kung gayon. Mas mainan nang umiwas ka sa kanila. Baka makulong ka pa pag may nangyari na namang di-kanais-nais sa mga iyan at sa iyo na naman ibintang.” Hinding-hindi makalimutan ng ina ang ginawang pag-aresto ng mga pulis sa kaisa-isang anak sa sala umanong pagdukot at hinihinalang pagpaslang sa pinsan nito.

Mabuti na lamang at walang nakalap na ebidensya at walang tumayong testigo laban dito.

“Hay naku, bakit ko ba sinisira ang araw mo sa mga bad issues na ’yan?” Tinawanan ng ginang ang sarili at ibinalik ang dating sigla kaninang kararating lang. “Iba na nga lang ang pag-usapan natin. Ano,

kumontak na ba sa 'yo ang dapat sana ay guest of honor ng event na ito?"

"Ma, sino ba'ng tinutukoy mo?" Base sa pagkakangiti ng ina ay nahihinuha ni Gon na isa sa mga dating nakarelasyon niya ang nasa isip nito.

"Kunwari ka pang hindi mo alam, di si Iris."

"Iris Galang?" Napangiti siya nang maalala ang kababata at dating girlfriend na mahigit tatlong taon nang hindi umuwi. Balita niya ay malabo nang magbalik ang memorya nito. Kaya siguro hindi na rin ito nag-abalang bumalik sa kanilang lugar.

Nagkaroon umano si Iris ng organic amnesia dahil sa tinamong severe head injury. Iniluwas pa ito sa Maynila para maipagamot. Mula noon ay hindi na ito nagbalik.

"Naku, Gonzalo, iyang ngiti mong iyan ang konkretong ebidensya ng kasabihang '*first love never dies*,'" nasisiyahang saad ng ina.

Malaki ang panghihinayang ni Amelia na hindi nagkatuluyan ang dalawa. Nagkaroon man ng ibang girlfriends si Gon ay tila walang sineryoso ang anak maliban kay Iris. At sa gulang na *treinta y dos* ay binata pa rin kaya naisip ng ginang na baka mahal pa nito ang dalaga at siyang hinihintay. Sabik na itong magkaroon ng sariling mga apo. "Lalo ka sigurong mapapangiti kapag nalaman mong sumulat siya

sa Lola Fina niya at binanggit na nagbabalak daw umuwi.”

“Talaga, Ma? Kailan daw?” Kung alam lang ni Gon ang tungkol dito ay ipinagpaliban sana muna niya ang inagurasyon at hinintay ang pagbalik ng kababata.

Utang niya sa dalaga ang *Fodder* dahil ito ang nagbigay sa kanya ng ideya na magtayo ng animal feeds outlet. Ito rin ang nagdisenyo ng unang logo ng *Fodder*. Siya raw ang sinisimbolo ng half-circle rainbow na naroon.

“Balak pa lang. Masyado ka namang excited. Ano, talaga bang hindi ka niya kinokontak?” Umiling si Gon. “Sabagay, imposibleng maalala ka pa ni Iris. Her amnesia is permanent. *Tsk*, kawawang bata. Sa isang iglap, naburang lahat ang alaala. Pero sa kabilang banda may buti na ring naidulot sa kanya ’yon—na reunite siya sa tiyahin niya sa ina.”

Tama. At hindi na niya mararamdaman ang sakit ng pagkawala ni Zach.

Saksi si Gon kung gaano kamahal ng dalaga ang nobyo. Sa kanya ito umiyak at naglabas ng sama ng loob nang hadlangan ni Doña Candida ang relasyon ng dalawa. Magkaibigan sila bago naging magkasintahan, kaya nang hindi nag-work out ang relasyon ay pinanatili na lang ang pagkakaibigan.

Hindi na rin masama ang loob ni Gon na nagparaya sa pinsang si Zach dahil naramdaman niyang ito talaga ang mahal ni Iris. Siguro dahil sa love triangle na iyon kaya pinaghinalaan siya ng mga imbestigador na may motibo sa pagdukot sa pinsan. Hanggang sa ngayon ay hindi pa rin natatagpuan si Zach. Ang kutob ng marami ay patay na ito. Gayunman, hindi pa rin tumitigil ang mag-asawang Enrique at Candida sa pagpapahanap sa kanilang legal heir.

“O, inimbita ko nga pala ang mga Galang. Nangakong darating ang clan matriarch,” si Amelia uli. “May tampo pala sa iyo si Maestrang Fina. Nakakatampo nga naman ’yung ginawa mong hindi na pagdalaw sa kanya *por que* wala d’yan si Iris. Dati-rati naman nga ay halos doon ka na tumira.”

“What if si Lola Fina na lang ang mag-cut ng ribbon on your behalf?”

Nakangiting umiling si Amelia. “Duda akong papayag ’yon.” Kung siya ay mainit ang dugo kay Candida, suko naman hanggang langit ang galit dito ng retiradong guro na si Fina.

CHAPTER *Two*

“Come in,” magiliw na sabi ni Candice Sullivan-Maher nang makarinig ng pagtuktok sa pinto ng kanyang opisina. Ito ang administrador ng *Samaritan Children’s Home*, isang bahay-ampunan.

Katuwang nito sa pamamalakad ang mga Protestant Sisters na co-founders ng mga magulang nilang namayapa.

“Hey, Reese. What’s up?” dugtong ni Candice nang makitang sumungaw sa pinto ang adopted sister.

“Are you busy?”

“Not quite...” Technically, kapatid ni Candice si Reese, pero para na rin nitong anak ang dalaga dahil

sa dalawampung taong agwat ng edad nila.

Nang ampunin si Reese ng mga magulang ni Candice ay kapwa may asawa na sila ng nakababatang kapatid na si Rupert. “You look bushed, honey.”

“Yeah, I am.”

“The kids are planning to visit their Uncle Rupert in Texas. You should go with them,”

Bahagyang umiling si Reese. “Iris will.”

Sa nakalipas na tatlong taon, mula nang makasama niya sa iisang bubong ang kakambal ay parang kapamilya na rin ang turing dito ng kanyang adoptive family.

“And you?”

“I need to take some time off. Alone. That’s why I’m here. I thought I’d ask your advice.”

Nakakaunawang ngumiti si Candice. Alam nitong higit sa pisikal ay mas pagod si Reese emotionally.

Noong maliit pang bata, hindi kailanman nakita ni Candice na umiyak si Reese maliban na lang kung pisikal na nasaktan. Parang sinasarili lang ni Reese ang anumang emotional pain na pinagdaraan.

Unang beses nitong nakitang tahimik na lumuha ang dalaga nang mamatay ang kanilang mga magulang. Pangalawa ay nang makitang muli

ang nawalay na kakambal. Ngayon ay nakikita ni Candice na nag-uulap sa lungkot ang mga mata ni Reese, pero hindi nito alam kung ano ang pinagdaraan ng kapatid.

“Hmm.” Nagbiro si Candice para pagaanin ang pag-uusap nila. “My advice is that you bring my future brother-in-law when you return, okay?”

“You have a one-track mind,” nakangiting protesta ni Reese. Tumawa lang ang kapatid.

Sinabi na lang niya kay Candice na hindi pa siya sigurado kung saang lugar siya magbabakasyon, pero ipapaalam niya iyon agad dito pag naroon na siya. Pagkatapos ay nagpaalam na siya rito at may ngiti sa labing umuwi sa Sullivan Residence.

Ang nasabing bahay ay katabi ng bahay-ampunan na mababang pader lang ang pagitan. Naging kalaro at kasabay niyang lumaki ang ibang bata sa orphanage. Pero hindi na niya nakitang nagdalaga o nagbinata ang mga ito dahil bago pa man sumapit sa teenage years ay isa-isa na ring naihanap ng foster family.

Noong una ay lihim siyang umiiyak sa tuwing may kalarong lumilisan dahil nalulungkot siya at nasasaktan. Paano ay naaalala niya iyong sandaling huling nakasama si Iris noong walong taong gulang

silá.

Pinag-aralan ni Reese na huwag maging emotionally involved o attached sa mga bata para hindi siya masaktan sa tuwing may taong malapit na kailangang umalis.

She was tough and strong. Iyon ang gusto niyang paniwalaan.

Pagdating sa bahay ay si Mayet ang sumalubong sa kanya, ang matandang dalagang kawaksi na halos ay kasabay niyang naging parte ng pamilya Sullivan.

“Ir... Er...” habang nakaharang sa pinto ay nagdadalawang-isip ang kawaksi sa bibigkasing pangalan. “Sino ka ba? Si Eris o si Iris?”

“Si Ate Mayet talaga pinagtitripan na naman ako.” Inayos niya ang pagkakasuot ng eyeglasses nito. “Ayan, sino ako?”

“Iris? Nakow, pati timbre ng boses n’yo, eh, magkatulad.” Confused yata talaga ito.

Napangiti si Reese. Sinadya niyang kopyahin ang gayak ng kakambal.

Sa totoo lang ay mas pagkakamalan siyang probinsyana kaysa kay Iris. May pagka-banidosa kasi ito at ang tipong mga damit ay sunod sa uso. Siya ay kontento na sa simpleng jeans at blouse. Ang hanggang baywang nitong buhok na layered

ang gupit ay may kulay na light burgundy kaya pinakulayan rin niya at pina-istiluhan ng gayon ang pantay-balikat niyang buhok.

Inilingid niya sa kaalaman ni Iris ang gagawing pagpapanggap. Sigurado kasing hindi siya nito papayagang gawin iyon. Patunay ang mahigpit na pagtangga nitong umuwi o dumalaw man lang sa Santa Cecilia. Iyon din ang dahilan kaya kinumbinsi niya itong sumama sa Texas.

“Si Reese ’to, Ate Mayet.”

“Eh, bakit hindi itim ang buhok mo at saka...” Itinuro nito ng daliri ang reddish birthmark sa gawing balikat niya. “Bakit meron ka nito?”

Ang totoo, pineke niya iyon.

“Tumubo na lang basta ’yan,” biro niya. With Iris’s consent, ipinakopya niya ang *balat* na iyon sa kakilalang tattoo artist.

Nadatnan niya sa kuwarto ang kapatid na nag-eempake ng mga damit. Kahit may mga bakante pang silid ay mas gusto nilang magsama sa iisang bedroom—para mabawi ang mahabang panahong nagkawalay sila. Isa pa, sakaling isa sa kanila ay mag-asawa na, maghihiwalay na naman sila.

Nakapasok na teacher sa isang private high school sa malapit si Iris. Apparently, nakalimutan

nito ang buong pagkatao, pero hindi ang technical skills na natutunan nito.

Patunay na mahiwaga talaga ang buhay.

“Hindi ka naman halatang excited mag-travel niyan. Five days pa bago ang flight ninyo, di ba?” Nasisiyahan niyang pinagmasdan ang kakambal. Parang pinanonood niya ang sarili dahil replica niya ang nakikita. Napag-aralan na niya ang kilos nito, mas mahinhin kumpara sa kanya.

Mas maputi ang complexion nito pero hindi na iyon mahirap palusutan. Mas mataas siya rito ng dalawang pulgada, pero magkasukat ang kanilang paa. Parehong natural ang magandang pagkakaarko ng mga kilay nila.

“At saka, approved na ba ang leave of absence mo?”

“Oo naman. Reese, talaga bang ayaw mong sumama? Sayang, first time ko pa namang makakarating sa America. Sana kasama kita sa momentous experience na 'to.”

“Next time, Ai, promise. Kapag na-promote ako, may kasamang out-of-country travel incentive 'yon. Ikaw ang isasama ko.”

Napa-wow si Iris. “Mag-call center agent na lang kaya ako?” biro nito. “Wala pa yatang teacher na

yumaman dahil sa pagtuturo. Noong bata pa ako, dream kong yumaman,” wala sa loob na nasambit nito.

Napakunot si Reese dahil parang may naaalala na ito sa nakaraan. Pero...

“Ako rin.” Malungkot siyang ngumiti. “Kambal nga tayo. Bakit mo naman gustong yumaman?”

“Uhm... para... aah—”

“Ai, huwag mo na ngang sagutin,” aniya sa kakambal na parang nahihirapan. Malamang pareho sila ng rason.

Naupo si Reese sa gilid ng kama at inabot ang unan na paborito niyang yakapin. May itatanong siya kay Iris, hahanap lang siya ng tiyempo. Minsan kasi, may mga katanungan siyang related sa nakaraan na nasasagot naman ito. Ang paliwanag ng doctor ay galing daw sa unconscious mind ng pasyente ang sagot na iyon. “Ai...”

“Yes?”

“Tell me something about Lola Fina.”

“The best lola,” agad na sagot nito na mabilis ding sinundan ng pasubali. “Wait, don’t quote me on that, ha. Alam mo naman ang mga sagot ko base lang sa pakiramdam. Hindi ko talaga alam ang sagot.”

“Okay, ” *Sorry, Ai, pero ang mga sagot mo ang*

magiging guide ko sa pakikisama sa kanila. “Sa tingin mo, bakit hindi man lang ako hinintay dumating ni Lola bago sila umalis noong ihatid ka nila sa ospital dito sa Maynila? Hindi rin ba niya alam na mayroon kang kakambal o ayaw lang niya akong makita?”

Nasa out-of-town team building siya noon nang tumawag si Candice at ibinalitang may naghahanap sa kanyang kamag-anak. Agad siyang umuwi pero nag-iisa na sa ospital ang kakambal nang datnan niya.

Napatigil sa ginagawa si Iris. Kailangan nitong timbangin ang mga salitang bibitiwan para sa kapakanan ng parehong panig. “Reese, ’yung unang tanong mo kayang-kaya kong sagutin. As far as I can remember, sinabi ni Uncle Danilo na naibayad na nila upon my admission ang tanging perang baon nila noon. Wala na silang pamasaha pauwi kaya sumabay na sila sa pagbalik ng ambulansyang naghatid sa akin. Tungkol naman sa pangalawang tanong mo...” Nilapitan ni Iris ang nakababatang kapatid, tumabi sa pagkakaupo at ginagap ang palad ni Eris. “Hindi ko alam ang sagot. Pero sana isipin mo na lang na... Basta, sana huwag ka nang magalit kay Itay at sa amin kung bakit kinailangan kang ipaampon—”

“Hindi ako galit, Ai...” Naramdaman ni Reese ang pamumuo ng tila bikig sa lalamunan kasabay ng pag-iinit ng sulok ng mga mata at paninikip ng dibdib. Pagkatapos ay hindi na niya mapigil ang pagdaloy ng luha.

She hated exposing her weakness to anyone. Pero wala siyang magawa dahil sasabog na ang dibdib niya sa maraming katanungang matagal na niyang hinahanapan ng sagot. “Kailangan ko lang itanong...”

“Shh...” Niyakap siya ni Iris nang mahigpit. “Hindi masamang umiyak paminsan-minsan. Let go of your emotional pain. Hayaan na natin ang nakaraan, ang mahalaga, magkasama na uli tayo ngayon.”

CHAPTER *Three*

*N*aiinip na tinanong ni Gon ang dispatcher ng bus kung bakit hindi dumating sa oras ang biyaheng galing sa Maynila. Napag-alaman niyang nagkaaberya ang makina nito, pero naayos na at parating na rin.

Sa loob ng kanyang pick-up truck siya nagpasyang magpalipas oras. Ipinarada niya ito sa mismong tapat kung saan hihinto ang bus para mag-unload ng mga pasahero nang sa ganoon ay agad niyang makita ang susunduing VIP—si Iris. Hindi niya nakuha kay Lola Fina ang cell phone number ng dalaga kanina dahil nagmamadali na sa dadaluhang event ang matanda.

Sabik siyang makitang muli ang kababata

at hindi niya iyon ikakaila. Sinusubukan niyang paglaruin sa imahinasyon kung anu-ano kaya ang mga maaaring nagbago rito sa loob ng tatlong taon. Pinakiramdaman din niya ang sarili kung anong uri ng damdamin ang mayroon siya ngayon sa dalaga. Natuklasan niyang ang naunang uri ng pagmamahal na iniukol niya rito ang namamayani—fraternal—at hindi ang romantikong pag-ibig na umusbong dahil sa paghanga niya sa magagandang katangian nito, at siguro dahil nga madalas niya itong nakakasama noon.

Si Iris ang kanyang ideal woman—maganda, mabait na may pagka-ambisyosa. Magkasundo sila sa maraming bagay kahit apat na taon ang agwat ng edad nila.

“Dumating rin sa wakas,” nasisiyahang saad ni Gon nang makitang may humimpil na bus. Isa-isa niyang binistahan ang nagsisibabang mga pasahero. “There you are. Pretty as ever.” Napangiti siya nang makita ang kababatang umibis hila ang maletang de-gulong.

Agad niyang nakilala si Iris kahit naka-sunglasses. Nagpalinga-linga ito at nang tila bigong makita ang hinahanap ay tumayo sa isang tabi at hinarap ang cell phone. Mayamaya na siya lalapit dahil gusto pa

niya itong pagmasdan mula sa malayo.

Mukhang mas gumanda ka ngayon.

Nagustuhan niyang hindi na masyadong maputla ang kulay nito ngayon. She had that healthy, glowing complexion. Wala itong masyadong ipinagbago, umikli ang buhok at medyo nangayayat.

May aura ng sophistication at self-confidence na humalili sa pagkakimi nito noon.

“Iris! Iris!”

Hinanap ni Reese ang pinagmulan ng tinig na tumatawag sa pangalan ng kanyang kakambal. Nakita niyang kumakaway ang lalaking sakay ng pick-up truck. Bumaba ito at lumapit sa gawi niya.

“Hi there! Long time no see, Iris!” sabi nito kasabay ng simpatikong ngiti at pag-alis sa suot na cowboy hat.

Naalis niya ang suot na salaming de-kulay nang makita sa malapitan ang lalaki. Matangkad ito at maganda ang pangangatawan, iyong tipong banat sa trabaho at hindi bunga ng work-out sa gym, medyo sunog ang kulay ng balat at matikas ang tindig. A striking rancher.

He’s gorgeous. And I like the way he smile.

Unconsciously ay nahiling niyang hindi sana ito ang boyfriend ng kapatid niya.

“Hi. Kakilala ba kita *dati*?” Hindi siya nagpahalatang apektado sa kakaibang karisma nito.

“Oo naman.” Kung hindi lang alam ni Gon na nagka-amnesia ang dalaga ay ipagdaramdam niyang hindi siya nito nakilala. Ipinagtaka niyang nang matitigan ang mga mata nito ay parang ibang tao ang nakita niya.

Siguro dahil hindi ganoon tumitig o tumingin si Iris sa kanya.

She looks the same pero parang hindi siya ang kababatang kilala ko.

“Hayaan mong ipakilala kong muli ang sarili ko. Gonzalo Atienza, kababata mo.” Inilahad niya ang kamay na atubili nitong inabot. Saka na lang niya sasabihing dati silang magkasintahan dahil baka mapreskuhan ito sa kanya.

Umarko ang isang kilay at humugis ng korteng ‘O’ ang bibig nito bago humingi ng dispensa. “Pasensya na. Please call me ‘Reese’. Iyon na kasi ang nakasanayan kong pangalan. Okay lang ba?”

“Walang problema. Shall we go?” Kinuha ni Gon ang maletang hila ng dalaga.

“No, no, no. May sundo ako,” pigil ni Reese. *Susunuin daw ako ng ex ni Iris... er—ex-boyfriend ko.*

“Ako nga ’yon.”

Namilog ang mga mata ni Reese. “Ibig mong sabihin, i-ikaw ang ex-boyfriend ni Iris? Ah, I mean... dating *tayo*?” *Susme, ano’ng nakain ni Iris at pinakawalan pa ang lalaking ito?*

Bahagyang natawa si Gon sa reaksyon ni Reese. “Oo. Bakit, hindi mo ba masikmurang dati ay pinatulan mo ako?” biro niya. “Ikaw, ha, nag-Maynila ka lang naging choosy na. At binago mo pa ang pangalan mo. Halika na, at baka abutan pa tayo ng malakas na ulan sa daan.” Tuluyan niyang kinuha ang maleta nito, hinawakan sa siko ang dalaga at inalalayang makasakay ito sa truck. Siya pa ang nag-ayos sa seatbelt nito.



“Iyan ang bahay ninyo,” narinig ni Reese na sabi ni Gon nang ihimpil ng huli ang sasakyan. “Mamaya pa darating si Lola Fina at ’yung mga pamangkin mong uuwi galing sa school. Pero kanina pa may naghihintay sa ’yo diyan.”

Kasabay ng malalim na buntong-hininga ay pinagmasdan niya ang dalawang palapag na lumang bahay na siyang tahanan ng mga Galang. Yari ito sa antigong kahoy kaya kahit halatang pinagdaanan na ng panahon ay mukhang matibay pa rin. Malawak

ang bakurang kinatatayuan nito, may malaking paleta at maraming halamang namumulaklak sa paligid. Maaliwalas itong tingnan sa kabila ng kupas na pintura. O baka ang pakiramdam niya ang magaan at maaliwalas. Nagtatayugang puno ng niyog ang nasa backdrop ng bahay.

Very homey and welcoming.

Nakaragdag sa magaan niyang pakiramdam ang paghawak ni Gon sa kanyang kamay nang igiya siya nito papasok sa bakuran. Parang may kalakip na pagsuyo ang paraan ng paghawak nito. She had male friends, both straight and bi. Gon's simple touch was somewhat different because it felt warm and affectionate.

Mula sa nakabukas na bintanang capiz ay may sumungaw na dalagita.

“Ate Iris! Nandiyan na si Ate Ai!” sigaw nito.

Ilang sandali pa ay bumukas na ang front door at isang ginang na nasa katanghaliang gulang ang lumabas doon.

“Ai, ikaw na ba ’yan? Ako ang Auntie Baby mo. Naku, ang pamangkin namin, naalala rin kaming dalawin sa wakas.” Nag-aapura itong sinalubong siya ng yakap.

Hindi alam ni Reese kung paano tutugunin ang

yakap na iyon. Napakasaya niya.

“Siya, tayo’y pumasok na sa loob. Oy, Gon, huwag ka munang aalis, ha,” bilin ng nakatatandang babae.

Pagpasok sa kabahayan ay naroon ang ilan niyang pininsan at iba pang kaanak.

“Ate Ai, welcome home!”

I’m home. Parang ibig maiyak ni Reese sa mainit na pagtanggap sa kanya ng mga kamag-anak. Ipinagpapasalamat niyang naranasan ang yakap ng mga ito kahit na nga ba kay Iris patungkol ang mga iyon. Naisip niyang napakasuwerte ng kakambal dahil lumaki itong busog sa pagmamahal ng mga kamag-anak.

“Bakit sa kanila hindi mo hiniling na ‘Reese’ na lang ang itawag sa ’yo. Ako lang yata ang gusto mong pahirapan,” pabirong sumbat ni Gon.

“Hindi na, nakakahiya pala. Okay na ang ‘Ai’—”

“Ah, ganoon ba? Naku, di Reese kung Reese. Hindi naman kaso ’yon dahil karugtong din ng ‘Ai.’” Nakatawang sambot ng tiyahin. “Kung iyon ba ang itinawag sa iyo ng mga kaanak mo sa ina at nakasanayan mo na, di gamitin natin.”

“Salamat, Tita,” nahihiyang sabi niya.

“Auntie Baby,” pagtatama ng ginang. “Kailangan

may pangalan dahil marami kaming auntie mo.”

“Auntie Baby, Auntie Martha, Uncle Felino...”
At inisa-isa niyang banggiting muli ang pangalan ng mga nagpakilala sa kanya kanina. It made her feel more at ease and comfortable in their company. Seeing their warm smile and adoring look made her happy but thinking that it was intended for Iris made her envious somehow. “And of course, Gonzalo Atienza, ang aking ex.” Sa unang pagkakataon ay nginitian niya ang binata na kanina pa niya napapansing halos hindi mapuknat ang tingin sa kanya.

Siguro in love pa rin 'to kay Iris. At hindi na naman niya naiwasang makaramdam ng panibugho sa kapatid.

“Mayamaya lang darating na ang mga pamangkin mo. Siguradong malilito ka sa pagtanda sa mga pangalan nila—” Nakarinig sila ng pagkakaingay ng mga bata. “Ah, nariyan na pala sila.”

Masayang nagsipasok ang mga grade school kids. Tama, nakakalito. Bukod kasi sa pangalan ng mga bata ay dapat pa niyang tandaan kung sino sa mga pinsan niya ang magulang ng mga ito.

“Mommy Ai!” Nangibabaw ang matinis na tili ng batang huling pumasok. Hindi niya alam kung

paano magre-react nang sugurin siya nito ng sabik na yakap.

“M-may anak na ako?” litong tanong niya na ikinatawa ng lahat.

Ipinaliwanag ng mga ito na alaga ni Iris ang batang si Chin-Chin habang ang ina nitong pinsan niya ay DH sa ibang bansa.

Isa na lang ang hinihintay niya para makumpleto ang seremonya ng pag-welcome sa kanya, si Lola Fina.

May ideya na siya sa hitsura ng matanda dahil may napasama itong larawan sa mga gamit ni Iris. Kung alam nito ang tungkol sa kanya, hindi kaya siya paghinalaang impostor? Sabagay, sa nakikita niyang reaksiyon ng mga kaharap ngayon, mukhang wala silang ideya kung sino siya... maliban kay Gon.

Ilang beses na niyang nahuhuling mariin itong nakatitig sa kanya, tila nagtatanong ng kung ano ang mga mata. Naging palaisipan tuloy sa kanya kung gaano kaya kalalim ang pinagsamahan ng dalawa para agad makahalata si Gon. Hanggang sa anong level of intimacy kaya ang pinagsaluhan ng mga ito para maramdaman ni Gon na nag-iba ang Iris na kilala?

“Nasaan si Iris?” Lahat silang nasa salas ng bahay

ay napalingson sa pintuan nang marinig ang boses ng matriarka ng pamilya. Bahagya iyong may garalgal na waring maiiyak ang nagsasalita.

“Lola...” Tumayo si Reese at napatitig sa pigurang nasa pintuan. Mas payat ito kumpara sa nasa larawan. Naisip niyang bagay sa matanda ang apelyidong ‘Galang’—mukha itong kapita-pitagan. Puti nang lahat ang maikli nitong buhok, kulubot na ang balat, bahagya nang nakahukot pero mababakas pa rin ang dignidad at kagandahang taglay noong kabataan. Hindi maikakailang nasa aura pa rin nito na minsan sa buhay ay naging isang butihing guro.

“Apo.” Ibinuka nito ang dalawang kamay.

She embraced her grandmother for the very first time. Bago pa man niya ito mayakap ay tumulo na ang luha niya. Napakasarap damhin ng init ng yakap nito, tila nakapaloob doon ang nag-uumapaw na pagmamahal.

Ngayon pa lang ay masasabi na ni Reese na tiyak na iiyakan niya ang sandaling kailangan na niyang umalis. Agad ay pinaalalahanan niya sa sarili—*do not get too emotionally involved*.

At iyon ang kanyang gagawin. Kapag satisfied na siya sa nahanap na sagot sa kanyang mga katanungan ay aalis na rin siya. Nararamdaman kasi niyang

napakadaling mahal in ng mga taong ito... kasama na si Gon.

“Ano, Ginoong Atienza,” sabi ng matanda sa binata. “Aasahan kong madalas mo na akong dadalawin ngayong narito nang muli ang diyosa ng bahaghari, tama ba?”

Inulan ng tukso sina Gon at Reese.



“Apo, bakit ka pa nagbalik?”

“Siyempre naman po gusto ko kayong makasama uli,” tugon ni Reese habang inaayos sa cabinet ang mga damit. Dating silid ni Iris itong ookupahin niya at may dalawang pinsan siyang ka-share.

Dalawang pamilya ang nakatira sa bahay at dito rin nakatuloy ang iba pang apo ng matanda na malayo ang bahay sa eskuwelahan. Tuloy nagkakaroon lang ng katahimikan kapag tulog na ang mga bata. Parang atmosphere din sa bahay-ampunan—puno ng masasayang ingay ng mga inosenteng bata.

“Hindi ka dapat bumalik. Delikado pa para sa ’yo.”

“Lola, napakatagal na ng tatlong taon. Magaling na po ako,” sagot niya, iniisip na ang panganib na dulot ng aksidente ang tinutukoy nito. “It’s perfectly

fine to come home again. Hindi n'yo ba ako namiss?"

Sa halip na sumagot ay napabuntong-hininga ang matanda. *Hilom na ang pisikal na sugat pero bakit parang punung-puno pa rin ng sakit ang mga mata mo, apo? Nararamdaman kong malungkot ka at parang may kimkim na... teka, ikaw nga ba si Iris?*

Nilapitan ng matanda ang apo at hinawakan ang sleeve hem ng kamiseta nito saka hinila pababa para ihantad ang balikat.

Mabuti na lang napaghandaan ni Reese ang posibilidad na maaaring mangyari ito.

"Ikaw nga si Iris..." tila nanghihinang saad nito nang makita ang false birthmark.

Base sa ikinilos nito ay masasabi ni Reese na alam ng matanda na may isa pa itong apo. Pinigil niya ang sariling mag-urirat ng tungkol dito. Hindi pa ito ang tamang pagkakataon.

"Huwag kang lalabas ng bahay na nag-iisa, ha? Kung ibig mong mamasyal, magpasama ka sa mga pinsan mo o kaya tawagan mo si Gon."

Si Gon. She sighed.

Hindi niya itatanggi ang physical attraction na naramdaman kaninang unang makita ang binata. Maliban doon ay may di-maipaliwanag

na pakiramdam pang lumulukob sa kanya sa tuwing masasalubong ang tingin nito o kaya ay magkakadikit sila. Masyado na yata siyang matanda para hiramín sa mga teenager ang salitang ‘spark’ upang mailarawan iyon?

“Hindi kaya awayin ako ng girlfriend ni Gon, Lola, kapag nakitang magkasama kami?”

Makahulugang ngumiti ang matanda. “Ang sabi ni Amelia ay walang kasintahan ang anak niya sa ngayon. Kung alam mo lang kung sino’ng hinihintay ng ranchero na ’yon...”

Si Iris kaya? Bakit ba lahat ng suwerte ay napunta yata sa kanya? Well, I’ll find the answer by myself, pilya niyang naisip.

Base sa mahigpit na pagbibilin ng abuela na mag-iingat siya kapag lalabas ng bahay ay nagkaroon siya ng teoryang baka hindi aksidente ang nangyari sa kakambal.

Nakakaamoy siya ng misteryo. Isa pa iyon sa aalamin niya.